Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG NOBYEMBRE 25, 2013 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

***MGA DUMALO:***

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. German S. Acosta | - | Konsehal |
| Kgg. Gideon B. Abuel | - | -do- |
| Kgg. Emelita A. Osorio | - | -do- |
| Kgg. Edwin C. Aceron | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | - | -do- |
| Kgg. Dennes M. Faner | - | -do- |
| Kgg. Ramon G. Magbanua | - | -do- |
| Kgg. Diony M. dela Torre | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |

***HINDI NAKADALO:***

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Klean Rose F. Borbon | - | SK Fed. President |

x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

## KAPASYAHAN BLG. 13-11-125

**KAPASYAHANG PAGKILALA AT PAGPAPAHAYAG NG PASASALAMAT SA MGA HALAL NA OPISYALES AT MGA MANGGAGAWA NG BARANGAY BAGONG SIKAT, BULALACAO, SILANGANG MINDORO SA KANILANG MAAGAP NA PAGHANDA AT PAGTULONG UPANG MAILIGTAS ANG KANILANG MAMAMAYAN LABAN SA PAGHAGUPIT NG BAGYONG YOLANDA**

**"SAPAGKAT,** noong Nobyembre 8, 2013, ang Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro ay hinagupit ng Bagyong Yolanda na nagdulot ng masidhing pighati, kalungkutan, kasawian at gutom sa mga mamamayan dahil sa malaking pagkasira ng kanilang kabuhayan maging sa sektor ng agrikultura at pangingisda;

**"SAPAGKAT,** higit sa lahat mahalaga pa rin ang kaligtasan ng buhay ng bawat mamamayan na siyang nangingibabaw sa mga halal na opisyal ng barangay kasama ang lahat ng manggagawa kung kaya sila ay gumawa ng sapat na paghahanda katulad ng paghanap ng ligtas na evacuation center, paghanda ng pagkain at gamot sa gitna ng paghagupit ng Bagyong Yolanda na nagbigay ng ginhawa at inspirasyon sa bawat tao na mapagtagumpayan ang sakit dulot ng kalamidad;

**"SAPAGKAT,** ang kanilang kabayanihan at dakilang gawa sa gitna ng unos ay dapat lang na kilalanin at parangalan upang ito ay magsilbing inspirasyon sa kanilang patuloy na pakikisangkot sa anumang kalamidad upang masiguro ang kaligtasan ng kanilang mamamayan at barangay na kanilang nasasakupan; **kung kaya't dahil dito**

CamScanner

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Kilalanin at magpahayag ng pasasalamat sa mga halal na opisyales at mga manggagawa ng Barangay Bagong Sikat, Bulalacao, Silangang Mindoro sa kanilang maagap na paghanda at pagtulong upang mailigtas ang kanilang mamamayan laban sa paghagupit ng Bagyong Yolanda;

**SA MUNGKAHI** ni Konsehal Ramon G. Magbanua, pinangalawahan ni Konsehal Dexter R. Gonzales, ang kapasyahang ito ay . . .

**PINAGTIBAY":** Nobyembre 25, 2013, Bulalacao, Silangang Mindoro.

---

**GERMAN S. ACOSTA**
SB Member

**GIDEON B. ABUEL**
SB Member

**EMELITA A. OSORIO**
SB Member

**EDWIN S. ACERON**
SB Member

**SENEN C. FAMILARA**
SB Member

**DEXTER R. GONZALES**
SB Member

**DENNES M. FANER**
SB Member

**RAMON G. MAGBANUA**
SB Member

**DIONY M. DELA TORRE**
Pangulo, Liga ng mga Brgy.

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Pansamantalang Kalihim

**SINAKSIHAN:**

**TERESITA S. BANTUGAN**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**EDNA C. VILLAS**
*Punong Bayan*
Petsa ng Nilagdaan: 12-5-13

131127/PLP/jpc